
# 1 Teacher（Guro）

Pagtuturo sa mga bata sa kindergarten, elementary, junior highschool at senior highschool ang pangunahing trabaho ng guro. Pagtuturo at pagdidisiplina sa klase, pamamahala sa iba’t ibang programa at aktibidades at iba’t ibang trabaho sa paaralan ang gawain ng guro.

Kung magkakaroon sana ng gurong nakakaunawa ng ibang salita, magiging magaan ang pag-aaral, at magiging panatag ang kalooban ng mga batang hindi pa marunong magsalita ng Nihongo. Kinakailangan ang lisensya para maging isang guro. Maraming uri ng lisensya at sa bawat antas ng edukasyon ay kinakailangan ang lisensya na angkop sa bawat paaralan na nais pasukan.

## Para maging isang guro




### ＜Maagang preparasyon＞

Para maging isang teacher o guro at makapasok sa Junior College o university, kinakailangan ang talino at high level standard sa Japanese Language.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Japanese, sariling wika at iba pang subjects sa school para maging preparado.

### ＜kung maging isang qualified na teacher, saan maaring magturo＞

Kung makapasa sa Teacher Licensure Exam ng prefecture, maaring magturo sa mga public school nito.

Maaring magturo sa private school kung makakapasa sa teacher’s exam nito.

Ang average annual salary ng public school teachers ay 6,000,000 yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)＞

National Universities (4 taon) mahigit 2,400,000 yen. Private Universities (4 taon) aabutin ng mahigit 4,000,000 yen.